

# Ang pagtataya sa implementasyon ng polisiya sa MTB-MLE ng mga pribadong paaralan sa rehiyon sa Pilipinas

Mariano, Leri Mae

Philippine Normal University, Philippines ([mariano.leri@yahoo.com.ph](mailto:mariano.leri@yahoo.com.ph))

Gime, Arjohn V. ✉

Philippine Normal University, Philippines ([gime.a@pnu.edu.ph](mailto:gime.a@pnu.edu.ph))



ISSN: 2243-7703  
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

Received: 29 February 2020  
Available Online: 1 July 2020

Revised: 11 June 2020  
DOI: 10.5861/ijrse.2020.5821

Accepted: 22 June 2020

## Abstract

One of the highlights of the K-12 curriculum is the implementation of Mother Tongue Based Multilingual Education. After conducting pilot tests in different primary schools in the Philippines, it showed that using the first language of the student inside the classroom will help them easily understand their lessons. This qualitative-phenomenological study aimed to assess the implementation of MTB-MLE in a private school, to determine challenges the teachers encountered on the implementation of the program and to evaluate the current policy of MTB-MLE. The respondents were primary level teachers in private school teaching MTB-MLE. It was found that the private school does not fully exercise and comply in the policy of MTB-MLE. This paper found out that they are not using the mother tongue as a mode of instruction in all the subject areas, the time spent in studying MTB-MLE as a subject is 30-minutes instead of 50 minutes, the school determines the topics to be taught in MTB-MLE for the entire school year and they do not use the designed curriculum and modules presented by DepEd. There are no special classes conducted for the students whose mother tongue is not Tagalog. This study revealed that effectiveness of a policy will not be reflected in its rules and guidelines unless schools strictly adhere to all the rules so that the success of the program will be guaranteed for the objectives laid down. Indeed, the DepEd should evaluate the implementation of the program in the private schools.

**Keywords:** implementation; mother-tongue based multilingual education; private school

## **Ang pagtataya sa implementasyon ng polisiya sa MTB-MLE ng mga pribadong paaralan sa rehiyon sa Pilipinas**

### **1. Panimula**

Ang pagpapaigting ng pagtuturo ng unang wika sa mga paaralan ay isang pangunahing ugat ng pagkatuto kung na nagbunsod sa polisiyang Mother Tongue-Based-Multilingual Education (MTB-MLE). Tulad ng bansang Pilipinas, na itinuturing na isang bansang multilingguwal na nakapagsasalita ng higit sa 170 diyalekto o mga wikain sa iba't ibang pangkat-etniko (Nolasco, 2008). Isinasaad sa polisiyang ito na higit na magiging madali ang pag-unlad ng kognitibong kakayahan at pagkatuto ng nilalaman ng isang materyal kung ito ay maituturo sa wikang pamilyar. Madaling makadaragdag ng bagong konsepto sa kaisipan ng isang mag-aaral kung bibiyang-halaga ang unang dila o wika ng tao, at hindi kailangang ihinto ang pagkatuto ng nilalaman bago maging mahusay sa ikalawang wika (Dutcher & Tucker, 1994).

Sa Pilipinas ay magkakaiba ang sinusong wika ng bawat mag-aaral na pumapasok sa paaralan, depende sa kanilang nakalakihan sa tahanan. Sinabi ni Najib Saleeby noong 1924 nang suportahan niya ang ulat ng Monroe Commission na bigo ang paggamit ng monolingguwal na edukasyon sa Ingles (Almario, 2010). Higit na magiging madali ang pagtuturo ng ikalawang wika katulad ng Filipino at Ingles kung ang unang wika ng isang mag-aaral ang gagamitin (Krashen, 1991, 2000).

Maraming pag-aaral na ang nagpatunay nito sa loob at sa labas ng bansa ngunit ang tunay na nagbunsod sa paggamit ng mother tongue sa pagtuturo at pagkatuto sa ilalim ng K-12 kurikulum ay ang matagumpay na implementasyon ng MTB-MLE sa Libuagan sa pag-aaral na isinagawa ni Dekker noong 1988. Ang pag-aaral na ito ang nagbunsod sa Departamento ng Edukasyon kaya naman noong taong 2009 ay ipinatupad ang paggamit ng MTB-MLE sa lahat ng paaralan mapa-pribado o publiko sa pamamagitan ng pagpapalabas ng DepEd Order No.74. Pagkatapos ng tatlong taon ay muling naglabas ng DepEd Order No.16 s.2012 kung saan ito ay naglalaman ng mga palatuntunan sa implementasyon ng MTB-MLE. Nakasaad dito na magkakaroon ng isang hiwalay na asignatura – ang MTB-MLE at kasabay nito ang paggamit sa mother tongue bilang wikang panturo sa lahat ng asignatura maliban sa Ingles at Filipino mula Baitang 1 hanggang 3. Sa paghahangad na higit lalong matulungan ang bawat Pilipinong mag-aaral sa kani-kanilang pag-aaral ay agaran itong isinagawa noong taong 2012. Nakasaad ang listahan sa Kautusang Pangkagwaran noong nasabing taon ang walong pangunahing wika o lingua franca. Isinaad din dito na ang mga manunulat na hinasa sa bawat rehiyon ay kailangan patuloy na makialam sa mga bagong pag-aaral at kasanayan sa pagpapaunlad ng mga gagamiting materyales sa pagtuturo ng MTB-MLE. Hinikayat din ang mga manunulat na gumawa ng kanilang sariling kagamitan na hanggang sa kasulukuyan ay patuloy pa rin na dindedebelop sa bawat dibisyon ng mga rehiyon sa Pilipinas.

Sa pag-aaral na isinagawa sa Libuagan ay naging kasangkot ang mga guro sa paggawa ng mga kagamitan. Tinuruan sila sa gamiting wika kaya naging matagumpay ang implementasyon ng programa. May kontradiksyon sa nasabing pag-aaral sa implementasyon sa buong bansa. Ayon kay Burton (2013) may mga guro sa bahagi ng lalawigan ng Bicol ang napilitan na lamang gumawa ng mga aralin na hindi sigurado kung wasto ba sapagkat hindi sapat ang mga pagsasanay at kagamitang panturo. Iba't ibang hamon ang hinaharap ng bawat kaguruan sa Pilipinas.

Sa pag-aaral nina Espada et al. (2017) lumabas na higit na nahihirapan ang mga mag-aaral sa paggamit ng kanilang sinusong wika bilang wikang panturo. Sa pag-aaral naman ni Williams et al. (2016), lumabas sa konklusyon na higit na pinipili ang Tagalog bilang wikang gagamitin sa MTB-MLE dahil ito ay higit na prestihiyo at praktikal. May mahigit 150 wika't wikain sa buong Pilipinas. Sa ilalim ng simulaing unang wika, at upang ganap na maging epektibo ang MLE, kailangang gamitin ang 150 wika't wikaing ito sa mga paaralan ng bansa. Hindi ito posible sapagkat maraming puna sa kalidad ng kasalukuyang mga teksbuk. Hindi rin

nakapagdedeploy ng kahit 90 % gurong mahusay at totoong may kahandaan sa paggamit ng Filipino o Ingles (Almario, 2010). Dahil hindi sapat ang badyet ng DepEd upang maglabas ng mga kagamitang panturo na nakasulat sa 150 na wikain sa Pilipinas, isinaad sa DepEd Order No. 16 s. 2012 na may pamagat na *Guidelines on the implementation of the mother tongue-based multilingual education (MTB-MLE)* at DepEd Order No. 28 s. 2013 na *Additional guidelines* to DepEd order no. 16, s.2012 na gagawa lamang ng mga librong panturo sa mga “itinakdang wika” (assigned language) sa paaralan, dibisyon, at rehiyon.

Mula sa kaligiran ng pag-aaral na ito, tinatangka ng pag-aaral na ito na masuri ang implementasyon ng Kautusang Pangkagawaran Blg. 74 s. 2009 na may pamagat na *Institutionalizing mother tongue-based multilingual education (MLE)* sa lalawigan ng Pampanga. Nilalayan itong pag-aaralan dahil sa pahayag ng UNESCO (1953) ang Kapampangan ay patuloy na naglalaho bilang unang wika.

### 1.1 Layunin ng pag-aaral

Pangkalahatang layunin ng pag-aaral na masuri ang implementasyon ng MTB-MLE sa lalawigan ng Pampanga. Sasagutin din sa pag-aaral na ito ang sumusunod:

- Masuri kung matagumpay ba ang implementasyon ng DepEd Order No.74 sa pribadong paaralan;
- Matukoy ang mga hamong kinahaharap ng mga guro sa pagtuturo ng MTB-MLE;
- Mataya ang kasalukuyang polisiya ng MTB-MLE sa pangkalahatan nitong layunin.

## 2. Pamamaraang ginamit

Ang disenyo ng pag-aaral ay kwalitatibong penomenonal na pananaliksik. Ito ang napiling disenyo sapagkat ipapakita sa pag-aaral ang pang-unawa ng mga kalahok hinggil sa problema sa pamamagitan ng pangongolekta ng mga datos, pag-aanalisa at interpretasyon (Creswell, 2014). Sa pananaliksik na ito ay ilalarawan ang mga hamong kinahaharap sa implementasyon ng MTB-MLE sa mga piling guro sa pribadong paaralan. Sa pag-aaral na ito, ininterbyu ang mga guro ayon sa kanilang pananaw at karanasan sa pagtuturo sa MTB-MLE sa taong 2019, sinuri at bumuo ng tema para sa resulta ng pag-aaral. Sa papel na ito, binigyang halaga ang etikal na konsdirasyon sa mga kalahok na walang isinagawang pamimilit gayundin ang boluntaryong sagot lamang ang binigyang-halaga sa pag-aarl.

## 3. Resulta at pagtalakay

### 3.1 Mula sa isinagawang pag-aaral tungkol sa *Mother Tongue Based-Multilingual Education*, matutunghayan ang mga sagot ng kalahok sa pag-aaral:

#### ***Batayang kaalaman sa Mother Tongue ng mga guro***

Mula sa isinagawang pag-aaral, lumabas na hindi malinaw ang batayang kaalaman ng mga guro na nagtuturo ng MTB-MLE sa kapampangan sapagkat gaya ng naging tugon sa isinagawang pakikipanayam sa mga guro, narito ang kanilang pagkakaunawa rito, *Ang mother tongue ng isang bata ay nakadepende sa kung ano ang wikang ginagamit sa lalawigan, halimbawa kung sa Pampanga kailangan ay Kapampangan ang mother tongue ng isang bata*. Malinaw na maihahayag na malabo ang kanilang pagkakakilala sa kahulugan ng mother tongue na dahil ayon kay Williams et al. (2016), may dalawang dimensyon ang kahulugan ng mother tongue – maaaring ito ay ang minanang wika na sinasalita ng mga magulang o ang wikang lubos na nauunawaan ng isang bata kung saan siya ay matatas sa paggamit at pag-unawa nito. Kaya naman hindi maaaring ipagpalagay na lahat ng mag-aaral na nag-aaral sa lalawigan ng Pampanga mayroong iisang mother tongue.

### ***Sarbey sa gagamiting wika sa MTB-MLE***

Tumatalakay naman ang temang ito sa paraan ng pagtukoy ng paaralan sa mother tongue ng bawat mag-aaral. Ganito ang naging tugon ng mga respondante nang tanungin kung paano nila natukoy ang mother tongue ng bawat mag-aaral na nagpatala sa paaralan mula taong 2012, “*Taong 2012-2013 nagkaroon ng survey kung ano ang unang lenggwahe na ginagamit sa bahay. Tagalog ang lumabas sa survey at hindi Kapampangan.* Sa pagsasagawa ng isang pangkalahatang sarbey para sa implementasyon ng MTB-MLE, ipinagpalagay na ang mother tongue ng lahat ng mag-aaral noong 2012 hanggang sa kasalukuyan ay katulad ng mother tongue ng lahat ng mga mag-aaral sa mga sumunod pang taon. Ang nasabing tugon ay naglalarawan sa DepEd Order No.16, s. 2012 na kung mayroong higit sa tatlong mother tongue ang nakita sa lugar o kaya naman ay mayroong iba’t ibang barayti ng lingua franca, kailangang ang lingua franca pa rin ang gamitin ng paaralan.

### ***Wikang panturo sa MTB-MLE at ilang asignatura***

Sa temang ito makikita ang hindi pagsunod ng paaralan sa implementasyon na Kapampangan ang kailangang gamiting wikang panturo mula unang baitang hanggang ikaapat na baitang. Narito ang naging tugon ng isa sa gurong nakapanayam. Sinabi ni Guro 1 “*Tagalog ang mother tongue [na ginagamit sa pagtuturo ng asignaturang MTB-MLE] kasi ‘yun ‘yung pinaka marami sa survey.* Alinsunod sa Ordinance No.424 s. 2017, ang lahat ng paaralan sa elementarya sa Angeles City ay marapat na gamitin ang wikang Kapampangan upang ito ay mapreserba, mapangalagaan, mapasigla at maitaguyod.

### ***Pangkalahatang implementasyon ng DepEd Order 74. S.2009***

Lumabas din sa pag-aaral na hindi sinusunod ng paaralan ang lahat ng alituntunin sa implementasyon ng MTB-MLE dahil hindi ginagamit ng paaralan ang napiling Mother Tongue sa lahat ng asignatura bilang wikang panturo. Ginagamit lamang ito sa asignaturang MTB-MLE, Filipino at Araling Panlipunan dahil nahahalaan ng dayuhang mga mag-aaral ang halos lahat ng klase. Binanggit ni Guro 3 sa panayaman na “*Hindi, [ginagamit ang Tagalog sa pagtuturo ng lahat ng asignatura] it’s only sa Filipino at Araling Panlipunan at sa MTB-MLE. Basically ‘di siya ginagamit sa ibang asignatura kasi pagpasok ko pa lang dito talagang English na ‘yung ginagamit sa ibang subjects. Pero kung titingnan natin noon sabi nila ‘yung Science gagawing Filipino, pero hindi sinunod ng school. Dahil accredited ‘yung school ‘di siya sumunod dito.* Ang mga paksang itinuturo sa MTB-MLE ay hindi alinsunod sa gabay pangkurikulum na ibinigay ng DepEd, isinaad ni Guro 2 na “*Walang modyul ang DepEd [para sa MTB-MLE Tagalog] Sa [asignaturang] Filipino, nakabased [ang mga paksa] sa DepEd. Sa [mga paksa sa] mother-tongue, kami lang [ang pumili ng mga paksang ituturo].* Ang paaralan ay nagpasya na ang lahat ng aralin sa MTB-MLE ay patungkol sa panitikan samantalang tungkol lahat sa gramatika ang sa asignaturang Filipino. Alinsunod sa DepEd Order No.16, s.2012, ang mother-tongue ay kailangang ituro bilang hiwalay na asignatura at bilang wikang panturo sa lahat ng asignatura mula una hanggang ikatlong baitang. Nagbigay ang DepEd ng gabay pangkurikulum sa pagtuturo ng MTB-MLE noong Mayo 2016 at hindi lamang ito tungkol sa panitikan kundi nagsimula ito sa pagkilala ng mga mag-aaral sa kanilang sarili hanggang humantong sa pag-aaral sa lipunan. Nakapaloob din dito ang mga pangunahing aralin sa gramatika.

### ***Programang para sa mga mag-aaral na kaiba ang Mother Tongue sa lahat***

Ang temang ito ay tumatalakay sa interbensyong ginagawa ng paaralan para sa mga mag-aaral na kaiba ang unang wika sa karamihan, tugon ni Guro 1 na “*So ngayon ‘yung ginagawang intervention ng school is naghahanap muna sila ng siguro parang programa or ibang way para i-separate sila ganyan. Sa kasalukuyan, merong ELA o Extending Learning Activities pero dahil nga ‘yung mga guro nagkaroon sila ngkonsiderasyon sa mga batang ‘di nakakaintindi ng Filipino, parang sa mismong araw, doon mismo nagsasalin na rin siya.* Isinasagawa lamang ang interbensyon sa mga dayuhang bago pa lamang sa paaralan. Nagsasagawa rin sila ng ELA o Extended Learning Activities para sa mga mag-aaral na bumabagsak sa iba’t ibang asignatura kabilang na

dito ang MTB-MLE. Batay sa DepEd Order No.16, s.2012, ang paaralan ay kailangang magsagawa ng special class para sa lahat ng mag-aaral na may ibang mother tongue mula sa karamihan. Ang klaseng ito ay kailangang isagawa nang dalawang beses sa isang linggo depende sa oras kung kailan maaaring magturo ang guro nang sa gayon ay patuloy pa ring mapaunlad ang kakayahan ng mga mag-aaral at hindi sila mapag-iwanan sa pagkatuto.

### 3.2 *Matukoy ang mga hamong kinahaharap ng mga guro sa pagtuturo ng MTB-MLE*

#### ***Pagsubok na gawing one-size-fits-all ang mga aralin sa MTB-MLE***

Ang temang ito ay direktang tutukuyin ang mga hamong nararanasan ng bawat guro sa araw-araw na pagtuturo ng MTB-MLE. Tugon ni Guro 2 na “*Ang hirap kase on the spot dapat natatranslate mo ‘yung lesson kumbaga parang ‘di na nakafocus sa mismong topic kundi tinuturo mo na lang ‘yung translation ng mga words ganon’*” Ang mga guro ay nahihirapan sa pagsasalin ng mga aralin sa mismong oras ng klase upang maunawaan ng mga mag-aaral ang mga aralin. Binanggit din na wala silang sinusundang kurikulum ng DepEd kaya isa sa mga hinaing ni Guro 1 na “*Sa mismong pagtuturo naman mahalaga na ‘yung guro mabigyan ng parang siguro mga seminars or mga kaalaman tungkol sa mother tongue kasi paano mo ituturo ‘yung ‘di mo alam talaga, saan mo sisimulan paano mo tatapusin ganyan’*” kung kaya’t nahihirapan sila sa pagpili ng mga paksang marapat na ituro sa MTB-MLE. Dagdag pa hindi rin anila sapat ang 30 minuto na pagtuturo sa MTB-MLE. Binanggit pa na kung ano na lamang ang dinatnan nila pagpasok sa paaralan ay ito na lamang ang sinundan. Alinsunod sa implementasyon ng MTB-MLE, ang mother tongue ang kailangang gamitin bilang wikang panturo sapagkat nakita na sa maraming pag-aaral na ito ang higit na makatutulong sa mga mag-aaral na matuto ng iba pang wika. At sa paraang ito ay higit nilang mauunawaan ang mga paksa sa lahat ng asignatura. Taong 2016 din noong Mayo ay naglabas na ang DepEd ng kurikulum at kumpletong modyul para sa MTB-MLE Tagalog mula unang baitang hanggang ikatlong baitang.

Alinsunod din sa DepEd Order No.31 s.2013, ang oras na ilalaan sa MTB-MLE ay 50 minuto mula sa unang markahan hanggang ikaapat na markahan. Ayon sa mga iskolar, ang top-down na dulog ay hindi ikinokonsidera ang kontekstwalisadong kaligiran ng wika sa mga komunidad. Kung gayon ang implementasyon ng MTB-MLE ay kwestyonable sa kanyang pagiging posible bilang isang dulog na nasyonal. Hindi malinaw kung ang akademikong kalalabasan ng programa sa iba pang bahagi ng bansa ay magiging posible sa pamamagitan ng top-down na polisiya. Isa sa mga nakikitang kahinaan ng implementasyon nito ay ang agarang pagsunod na lamang ng mga guro sa buong bansa sapagkat ito ay isang order mula sa Departamento ng Edukasyon. Ang sentralisadong sistema sa bansa ang nakikitang problema sapagkat mayroong malaking agwat sa pagitan ng mga lokal na stakeholders at mga opisyal sa gobyerno. Isa ito sa mga nakikitang problema, ang agarang pagsunod ng mga nasa ibaba nang walang pagtatanong sapagkat ito ang mandato ng mga nasa itaas.

#### ***Pagsasama-sama ng mga mag-aaral na may iba’t ibang mother tongue sa iisang klase***

Ang mga hamong kinahaharap ng guro sa mga mag-aaral ay ang kanilang maikling attention span sapagkat ani Guro 4 “*Para kasi sa kanila ang MTB-MLE ay nakaka-boring na subject dahil lahat ng paksa ay tungkol sa panitikan at mga kwento’*”. Dagdag pa, dahil hirap sa pag-unawa at paggamit wikang Tagalog, Ingles pa rin ang ginagamit ng mga mag-aaral sa loob ng klase. Sa aklat na *Tools for Teaching* ni Davis (1993), nakasaad na ang attention span ng mga mag-aaral sa elementary ay 10 hanggang 15 na minuto lamang. Dagdag pa nakapagpopokus lamang ang mga mag-aaral sa simula ng sampung minuto at pabawas ito nang pabawas hanggang sa matapos ang sampung minuto at ito ay binanggit niyang muli sa kanyang baklat pagkatapos ng dalawumpung taon (McKeachie, 1986). Mahalaga rin na alam ng mga mag-aaral kung ano ang inaasahan sa kanila sa simula pa lang ng klase nang sa gayon ay walang maging problema sa klase. Alinsunod din sa DepEd Order No. 74 na kailangang gamitin ng mga mag-aaral ang kanilang mother tongue sa loob ng klase sa lahat ng asignatura.

### *Kagamitang panturo sa MTB-MLE*

Ang mga hamong kinahaharap ng mga guro sa kagamitang panturo ay ang kakulangan sa mga aklat na gabay at ang paggamit ng iisang aklat lamang para sa MTB-MLE at Filipino. May nagsabi rin na wala namang hamong kinahaharap ang mga guro pagdating sa kagamitang panturo. Sa mga nabanggit, nagkakaroon ng kakulangan sa pakikipag-ugnayan sa Departamento ng Edukasyon ang paaralan dahil alinsunod sa DepEd Order No.74 s.2009, magbibigay ang Departamento ng Edukasyon ng mga modyul at kurikulum para sa MTB-MLE. At sa taong 2016 din noong Mayo ay naglabas na ang DepEd ng kurikulum at kumpletong modyul para sa MTB-MLE Tagalog mula unang baitang hanggang ikatlong baitang na maaaring ma-access online.

### *Pangangailangan ng mga pagsasanay*

Lumabas din sa pag-aaral na hindi rin sumailalim sa masinsinang mga seminar ang mga guro kaya't nakaramdam sila ng kahirapan sa pagtuturo ng MTB-MLE. Binanggit ni Guro 1 na "Siguro ang feeling kong kailangan naming ngayon ay mga seminars kase pagpasok ko dito sa school na 'to kung ano na lang 'yung dating ginagawa 'yun na lang din ang ginawa naming kaya may pagkakataong nagkakapangan pa rin talaga". Nakasaad sa DepEd Order No. 16 s.2012, ang mga guro na magtuturo ng MTB-MLE ay marapat na sumailalim sa mga trainings na ibibigay ng DepEd upang masiguro ang maayos na implementasyon ng programa. Dagdag pa naglabas din ng DepEd Order No.35 s.2016, o mas kilala bilang Learning Action Cells, kailangan ay patuloy na umuunlad ang kaalaman ng mga guro na nasa ilalim ng K to 12 Kurikulum sa pamamagitan ng pagkakaroon ng kolaboratibong sesyon ng mga school heads upang matugunan ang mga problemang nararanasan ng bawat paaralan. Mataya ang kasalukuyang polisiya ng MTB-MLE sa pangkalahatan nitong layunin.

#### *3.3 Mataya ang kasalukuyang polisiya ng MTB-MLE sa pangkalahatan nitong layunin*

Batay sa DepEd Order No.16 s.2012 ang MTB-MLE ay may apat na pangunahing layunin: (1) mapaunlad ang wika upang sa gayon magkaroon ng matibay na edukasyon na naglalayong maging matagumpay ang mga mag-aaral sa paaralan at magkaroon ng kaalamang mapakikinabangan habang buhay; (2) pagpapaunlad ng kognitibong kaalaman na nakapokus sa Higher Order Thinking Skills (HOTS); (3) akademikong pag-unlad na naghahanda sa mag-aaral na matamo ang kadalubhasaan sa lahat ng kakayahang maaaring makuha sa bawat asignatura; (4) pagkakaroon ng sosyo-kultural na kakayahan na hahasa sa dangal o kapurihan ng pamanang kultura at wika ng lahi.

Batay sa mga datos na nakuha mula sa pakikipanayam sa mga guro na nagtuturo ng MTB-MLE, lumitaw ang implementasyon na isinasagawa sa loob ng pribadong paaralan. Ang mga implementasyon na hindi sinusunod ay ang mga sumusunod: (A) Hindi ginagamit ang MTB-MLE bilang wikang panturo sa lahat ng asignatura; (B) Nagsagawa ng sarbey at lumitaw na Tagalog ang Mother Tongue ng halos lahat ng mga mag-aaral kaya ito ang ginamit kaugnay nito ang paglabag sa ipinasang City Ordinance na Kapampangan dapat ang wikang panturong gagamitin sa MTB-MLE at sa wikang panturo; (C) Ipinagsasama-sama lamang sa iisang silid ang lahat ng mga mag-aaral kahit hindi magkakatulad ang kanilang mga mother tongue sa halip na pagsasagawa ng special class sa mga mag-aaral na may kaibang unang wika sa lahat; (4) Tatlung minuto lamang ang inilalaan para sa MTB-MLE; at (5) Nagtakda ang paaralan na panitikan ang ituturo sa MTB-MLE samantalang gramatika o wika naman ang ituturo sa Filipino nang hindi umalinsunod sa K-3 Kurikulum na dinisenyo ng DepEd. Nalaman rin na hindi sumailalim sa mga seminar ang mga gurong nagtuturo ng MTB-MLE na makatutulong sana sa kanila upang higit na maging madali ang pagtuturo ng asignatura.

Ang implementasyon ay ang pinakamahalagang yugto sa paggawa ng polisiya. Ang ibig sabihin nito ay ang pagpapatupad ng batas kung saan ang mga stakeholders, organisasyon, alituntunin at teknik ay masusi at maingat na pinag-uugnay-ugnay upang maging maayos ang polisiya habang naghahangad maisakatuparan ang mga layunin ng batas (Stewart, Hedge, & Lester, 2008) Ang implementasyon ang magpapakita kung naging

matagumpay ba ang isang programa o batas. Binanggit nina Brinkerhoff and Crosby (2002) na ang matagumpay na polisiya ay hindi lamang nakadepende sa pagiging epektibo ng polisiya kundi sa pamamahala sa implementasyon. Ibig sabihin, mahalaga na malaman ng Departamento ng Edukasyon kung maayos bang sinusunod ng mga paaralan ang implementasyon ng programang MTB-MLE upang matiyak ang katagumpayan nito sapagkat hindi magpapakita ng matagumpay na epekto ang isang polisiya na hindi maayos na isinasagawa sa mga paaralan. Dagdag pa sa pag-aaral na isinagawa nina Pressman at Wildavasky (1973), mahalaga na malinaw ang mga layunin at tunguhin ng polisiya upang sa gayon ay maging matagumpay ito, ang kakulangan sa maayos na pagpapalano ay maaari ding magbunsod ng hindi matagumpay na polisiya. Mahalaga rin ang wastong plano sa implementasyon na sumusunod sa isang estandardisadong pamamaraan na hindi ipinakita ng implementasyon ng MTB-MLE. Sa lahat ng nabanggit na kakulangan at hindi pagsunod sa implementasyon maaari ng mataya na hindi pa ganoong katibay ang kasalukuyang polisiya ng MTB-MLE sa pangkalahatan nitong layunin. Sapagkat imposibleng makamit ang mga layuning ito hangga't hindi istriktong sinusunod ng mga paaralan ang pangkalahatang implementasyon ng programa.

#### 4. Konklusyon at rekomendasyon

Sa kabuoan ng pag-aaral, natukoy ng papel na ito na hindi saandaang porsiyentong sinunod ng mga paaralan ang implementasyon ng programa. Nagkaroon ng sarbey bago isinagawa ang programa upang malaman ang mother tongue ng mga mag-aaral kung saan napili ang Tagalog bilang wikang gagamitin sa MTB-MLE, Filipino at Araling Panlipunan lamang. Tatlung minutong pagtuturo sa MTB-MLE sa halip na limampung minuto, pagtatakda ng paaralan kung ano ang mga paksang ituturo sa MTB-MLE na hindi sumasalig sa dinisenyong kurikulum at modyul ng DepEd, ang hindi pagbibigay ng special class sa mga mag-aaral na kaiba ang unang wika sa karamihan at ang pagko-code switching ng mga guro sa pagtuturo ang nagbunsod ng mga hamong kinahaharap ng mga guro sa pagtuturo ng asignatura. Ang pilot testing na isinagawa sa Libuagan at Ilocos ay naging matagumpay sapagkat istriktong sinunod ang mga alituntunin at polisiya ng programa. Kung ikukumpara ang implementasyon sa pribadong paaralan ay malayong maging katulad ng epekto sa mga mag-aaral sa Libuagan at Ilocos. Sa dami ng mga hindi sinunod sa implementasyon ay matatayang hindi natutugunan ng polisiya ang pangkalahatan nitong layunin sa mga paaralan.

Iminumungkahi na higit pang paigtingin ang implementasyon ng programa sa pamamagitan ng pagsasagawa ng ebalwasyon sa mga paaralan ng kasalukuyang kalagayan ng MTB-MLE. Gayundin, tingnan muli ang mga superbison sa dibisyon kung paano isinasagawa at sinusunod ang polisiya ng DepEd Order 74 s 2009. Kaugnay rin nito, magsagawa pa ng mga seminars para sa mga guro guro na nagtuturo ng MTB-MLE na magmumula sa pagtanggap nila sa polisiya at mailahad ang tunay na layunin at tunguhin ng programa sa edukasyon ng bansa.

#### 5. Sanggunian

- Almario, V. (2010). *Pitong tanong sa multilingual education*. Retrieved from <https://mlephil.wordpress.com/2011/10/17/pitong-tanong-sa-multilingual-education/>
- Brinkerhoff, D. W., & Crosby, B. L. (2002). *Managing policy reform*. Bloomfield: Kumarian Press.
- Burton, L. (2013). *Mother tongue-based multilingual education in the Philippines: Studying top-down policy implementation from the bottom-up* [Doctoral dissertation]. University of Minnesota.
- Creswell, J. (2014). *Research design: Qualitative, quantitative, and mixed method approaches*. Thousand Oaks, CA: Sage.
- Davis, B. G. (1993). *Tools for teaching*. San Francisco, CA: Jossey-Bass.
- Dutcher, N., & Tucker, R. (1994). *The use of first and second languages in education. A review of international experience*. Washington, DC: The World Bank.
- Espada, J. T., Bayrante, J. R., Mococho, R. E., Vinculado, O. P., Vivero, P. M., Bongcaras, L. L., & Labarrette, R. A. (2017). Challenges in the implementation of the mother tongue-based multilingual education program: A case study. *Research Journal of English Language and Literature*, 5(4), 510-527.
- Krashen, S. (1991). *Bilingual education: A focus on current research*. Occasional papers in bilingual education 3.

- Washington, DC: National Clearinghouse for Bilingual Education.
- Krashen, S. (2000). Bilingual education, the acquisition of English, and the retention and loss of Spanish. In A. Roca (Ed.), *Research on Spanish in the US: Linguistic issues and challenges* (pp. 432-444). Somerville, MA: Cascadilla.
- McKeachie, W. J. (1986). *Teaching tips: Strategies, research and theory for college and university teachers*. Lexington, MA: Heath.
- Nolasco, R. M. (2008). The prospects of multilingual education and literacy in the Philippines. In A. Bernardo (Ed.), *The paradox of Philippine education and education reform: Social science perspectives* (pp. 133-145). Manila: Philippine Social Science Council.
- Philippines Department of Education. (2009). *Institutionalizing mother tongue-based multilingual education (MLE)*. Retrieved from <http://www.deped.gov.ph/orders/do-74-s-2009>
- Philippines Department of Education. (2012). *Guidelines on the implementation of the mother tongue-based multilingual education (MTB-MLE)*. Retrieved from <http://www.deped.gov.ph/orders/do-16-s-2012>
- Philippines Department of Education. (2012). *Policy guidelines on the implementation of grades 1 to 10 of the K to 12 Basic Education Curriculum (BEC) effective school year 2012-2013*. Retrieved from <http://www.deped.gov.ph/2012/04/17/do-31-s-2012>
- Philippines Department of Education. (2013). *Additional guidelines to DepEd order no. 16, s. 2012* [Guidelines on the implementation of the mother tongue-based multilingual education (MTB-MLE)]. Retrieved from <http://deped.gov.ph/orders/do-16-s-2012>
- Philippines Department of Education. (2016). *The learning action cell as A K To 12 basic education program school-based continuing professional development strategy for the improvement of teaching and learning*. Retrieved from [http://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2016/06/DO\\_s2016\\_035.pdf](http://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2016/06/DO_s2016_035.pdf)
- Pressman, J. L., & Wildavasky, A. (1973). *Implementation: How great expectations in Washington are dashed in Oakland*. Berkley: University of California Press.
- Stewart, J. J., Hedge, D. M., & Lester, J. P. (2008). *Public policy: An evolutionary approach* (3rd ed.). Boston: Thomsom Wordsworth.
- UNESCO. (1953). *The use of the vernacular languages in education*. Monographs on foundations of education, No. 8. Paris: UNESCO.
- Williams, A. B, Metila, R. A, Pradilla, L. A. S., & Digo, M. M. B. (2014). *Strategies and challenges in MTBMLE implementation in the early years* (Phase 1 Progress Report). Quezon City: University of the Philippines and University of Melbourne.